UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo–Leninismo–Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



"Imperyalismong US, ibagsak!" "Lansagin ang diktadurang US-Marcos!"

Ito ang sigaw ng mamamayang Pilipinong namumulat sa katotohanan ng dominasyong imperyalista't pyudal na nasa ugat ng mabibigat na problema ng lipunan.

Ang rehimeng Marcos, gaya ng lahat ng naunang naghaharing papet na pangkatin, ay sinusuhayan ng imperyalismo para tiyakin ang pangingibabaw ng kapakanan nitong militar (p. 3), pampulitika (p. 6), at pang-ekonomya (p. 9).

ABRIL 1983

## NILALAMAN

Editoryal 2

Bantay-salakay 3

Demokrasyang ano? Kalayaang ano? 6

Sa buong bayan, sa bawat rehiyon 9

Sangay ng Partido sa iskwela 12

Isang kampanyang masa sa Mindanaw 13

Balita 16

Internasyonal 17

EDITORYAL

## ISULONG ANG PROGRESIBONG KILUSANG UNYON!

Nitong nakaraang ilang buwan, lalo pang pinasidhi ng rehimeng US-Marcos ang mababangis na panunupil sa progresibong kilusang unyon sa Maynila-Rizal at iba pang kalunsuran.

Sinasalakay ang mga piket, dinudukot ang mga lider ng unyon at pederasyon, at mahigpit na tinitiktikan ang mga pabrika. Hanggang ngayon, nakakulong ang mga lider ng unyon na dinakip noong Agosto-Setyembre 1982.

Kasabay ng lantarang pandarahas, sinisikap ng rehimen na hatiin ang kilusang unyon, sa pagtatangkang ihiwalay ang abanteng seksyon nito mula sa malawak na kilusan ng organisadong paggawa. Kaya nagpaplano ang rehimen na tipak-tipakin ang progresibong sentro mula sa loob, ihiwalay ito sa mga alyado, at ipalit dito ang isang bagong organisasyong di bistado ang ugnayan sa estado.

Nagsimula ang kampanyang salakayin ang progresibong kilusang unyon noong kalagitnaan ng 1982, sa kasagsagan ng mga welgang pumuputok nang kabi-kabila at nagdudulot ng mahahapding hambalos sa interes ng mga imperyalista't malaking kumprador. Maningning na halimbawa ang pag-aaklas ng 18,000 manggagawa sa Bataan Export Processing Zone, na ang kapangahasan at saklaw ay gumulantang sa mga nagsasamantalang dayuhan at lokal.

Sa mga buwang kasunod ng panibagong pagbabawal sa welga, at ng maramihang pang-aaresto't panggigipit sa mga manggagawa, pansamantala ngang bumaba ang bilang ng welga. Pero ang mga welga ngayon ay mas matatagal, at nakakonsentra sa malalaking empresang pang-eksport at kontrolado ng mga imperyalista't kasosyong kumprador. Nagpapatuloy ang mga maliit at malaking aksyong protesta na pangunahing dinadala ng abanteng seksyon ng mga manggagawa.

Ang militanteng kilusang unyon na target ng pasistang panlulusob ngayon ay umaagapay sa tumatapang na paglaban ng lahat ng sektor ng mamamayan, at laluna sa tuluy-tuloy na mga tagumpay ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Palibhasa'y kapansin-pansing mga palatandaan ito ng lahatang-panig na pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusan, na nagiging banta sa katatagan ng rehimen, nagpakawala ang mga pasista ng lahatang-panig ding opensiba laban sa mamamayan--sa lunsod at kanayunan, batayang masa't panggitnang mga elemento, kilusang hayag at kilusang lihim.

Sa malalawak na panunupil na ito'y lubusang nakaasa ang rehimeng Marcos sa walang tanung-tanong na pagtataguyod ng imperyalismong US na desperadong nagtatanggol sa kanyang pandaigdigang hegemonya sa gitna ng sariling krisis sa ekonomya't pulitika. Sa partikular, ang progresibong kilusang unyon sa Pilipinas ay salik na pumipigil sa kapaki-pakinabang na pag-eksport dito ng sobrang kapital.

Mapanghamon, kung gayon, ang tungkulin ng Partido at ng rebolusyonaryong pwersa na pabweluhin nang higit kaysa nakaraan ang progresibong kilusang unyon.

Kailangang pamunuan ang mga manggagawa sa pagtatanggol sa kanilang mga karapatan, at biguin ang pakana ng rehimen na durugin ang progresibong kilusang unyon. Tungo rito'y dapat palakasin ang mga unyon at pederasyong nagdadala sa mga pakikibakang masa sa lokal at sektoral na antas.

Kailangang palaparin pa ang kilusang welga habang nag-iibayo ang krisis sa ekonomya. Sa malawak na pagpopropaganda--lihim at hayag--maaabot ng Partido ang pinakamaraming manggagawa at maipapaliwanag sa kanila ang mga ugat ng krisis at ang papel nila sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Kailangang iugnay ang antipasista't pang-ekonomyang pakikibaka ng manggagawa sa mas malaki't malawak na pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa pasismo, imperyalismo at pyudalismo.

Ang pagsapit ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa Mayo 1 ay inaabangan ng rebolusyonaryong kilusan sa matibay na pasyang isulong sa mas mataas na antas ang kilusang manggagawang Pilipino. ●




## Baseng militar ng US

# Bantay-salakay

Mula ngayong Abril, muling magnenegosasyon ang Pilipinas at US hinggil sa kasunduan sa baseng militar para sa susunod na limang taon. Titiyakin ng imperyalismong US ang walang restriksyong paggamit sa mga baseng ito, samantalang hihingi ang rehimeng Marcos ng karagdagang salapi (na pilit nitong tinatawag na "upa," at itinuturing namang "tulong panseguridad" ng US).



Hihingin din ng rehimeng Marcos na mangako ang US ng "awtomatikong pagdepensa" sakaling salakayin ang Pilipinas ng iba pang bayan. Pero hindi maaaring ang imperyalismong US ang magtanggol sa Pilipinas o sa anupamang lugar sa Asya, dahil ito nga mismo ang nananalakay at nakikialam dito at sa buong rehiyon.

## Clark, Subic

Ang panibagong negosasyon ay sasaklaw sa paggamit ng mga base at pasilidad na militar ng US sa Pilipinas para sa 1984-1989, laluna ang Clark Air Base (CAB) sa Pampanga at Tarlac at ang Subic Naval Base (SNB) sa Zambales at Bataan.

Ang CAB, na pinakamalaking base ng imperyalismong US sa labas ng sarili nitong bayan, ay himpilan ng US 3rd Tactical Fighter Wing at 13th Squadron ng US Air Force na ang saklaw ng responsibilidad ay sumasakop sa bukana ng Golpo ng Persia, Karagatan ng India, Katimugang Asya, at Timog-kanlurang Pasipiko, kasama ang Australia [tingnan ang mapa].

Ang SNB naman, na himpilan ng Seventh Fleet ng US Navy, ang pinakamalaking suporta at kumpunihang pasilidad ng US Navy sa Timog Pasipiko at Karagatan ng India.

Ang dalawang baseng ito, kasama ang Wallace Air Station sa La Union, Naval Communications Station sa Zambales, John Hay Air Base sa Baguio City at iba pang instalasyong militar ng US, ay nagagamit na lunsaran at panustos ng mga operasyon ng US, gaya ng pananalakay nito sa Vietnam at Korea, at ng pagbabantay nito sa daluyan ng langis mula sa Gitnang Silangan.

Bukod sa mga pasilidad sa CAB, sa La Union at sa Baguio, nagagamit pa ng US Air Force ang mga paliparan ng Philippine Air Force sa Pampanga, Batangas at Cebu.

Ipinapagamit din ng rehimeng Marcos sa militar ng US ang dalawang-katlo ng mga rutang panghimpapawid na kaloob sa Pilipinas sa internasyonal na hatian, gayundin ang malaking bahagi ng *radio frequencies* na parte ng Pilipinas sa internasyonal na hatian.

Madaling makita ang ilang palatandaan na niyuyurakan ng imperyalismong US ang soberanya ng Pilipinas kaugnay ng pagpapanatili sa mga baseng militar dito. Nariyan ang mga kaso ng mga tropa ng US na madaling nakakatakbo sa mga krimen nila sa Pilipinas, gaya ng isang marino ng US na pinatawan ng napakagaang na parusang isang taong pagkabilanggo sa salang paulit-ulit na panggagahasa sa ilang dalagita sa Olongapo City. Wala nang

nangyari sa kaso ng marinong Amerikanong nanunog ng anim na bahay ng magsasaka sa Bataan nitong nagdaang Marso. Mangyari pa, di malilimot ang 40 Pilipinong pinatay sa mga base mula 1947 hanggang 1977; ang ilan sa kanila'y binaril ng mga gwardyang Amerikano dahil napagkamalan daw na mga baboy-damo. Pero ang mga ito ay hindi pa ang pinakamalubhang paglabag sa soberanya ng bansa.

Ginagarantyahan ng rehimeng Marcos na magagamit ng US ang mga base nang walang anumang restriksyon. Ayon din sa kasunduan sa mga base, pwedeng palakihin pa ng US ang saklaw ng mga ito at magsagawa ng mga operasyong militar sa anupamang bahagi ng Pilipinas para sa layuning panseguridad ng US. Ibig sabihin, pwedeng gawin ng imperyalismong US ang kahit anong gustuhin nito. Wala nang hihigit pang katibayan ng paglalapastangan sa soberanong karapatan ng mamamayang Pilipino. Pero nakukuha pang sabihin ni Marcos na ang gubyerno ng US ay lalabag sa sarili nitong patakarang maglihim at magsasabi muna sa kanyang rehimen bago mag-istasyon ng mga armas na nukleyar sa mga baseng ito!

## Panghihimasok

Para ipagtanggol ang sariling interes sa bansa, pangunahing kinakasangkapan ng imperyalismong US ang papet na AFP sa panghihimasok na militar. Imperyalismong US ang pasimuno ng deklarasyon ng batas militar noong 1972 at ito rin ang pangunahing tagapagtaguyod sa tumindi pang militarisasyon mula noon. Ang $166.4-milyong (₱1,664-milyong) tulong militar nito sa rehimeng Marcos noong unang apat na taon ng paghaharing militar (1973-76) ay mahigit doble ng $80.8 milyong (₱808 milyong) ibinigay sa kasinghabang panahon bago magbatas-militar (1969-72).

Bahagi ng $500-milyong (₱5,000-milyong) tulong na militar ng rehimen na pinagkasunduan naman noong 1979 ay nasa anyo ng mga helikopter at iba pang kagamitang pandigma na ginagamit ngayon ng AFP sa armadong kontra-rebolusyon. Sa ilalim ng programang Foreign Military Sales ng US, naitayo ang halos $30-milyong (₱300-milyong) sosyohan ng rehimeng Marcos at Colt Industries para sa lokal na produksyon ng mga ripleng M16.

Sa bisa ng Kasunduan sa Pagsasanay Militar, humigit-kumulang 250 upisyal at tauhan ng AFP taun-taon ang ipinapadala sa US para magsanay sa "kontra-insureksyon." Sa bisa naman ng Tratado sa Pagdedepensahan (1951), sinusubaybayan at ginagabayan ng mga tagapayong militar ng US ang mga plano ng AFP, at kung minsan, ay sumasama ang mga tagapayong ito sa mga operasyon hanggang sa antas ng kumpanya.

Tuwiran ding lumalahok ang mga tropa ng US sa armadong kontra-rebolusyon sa Pilipinas. Kasama ng mga tropa ng Philippine Marines na nanliligalig ngayon sa Bataan ang ilang sundalo ng US Marines. Noong 1977, mga jet ng US ang nambomba sa mga kagubatan sa pagitan ng Zambales at Bataan matapos ang malaking ambus ng Bagong Hukbong Bayan sa Dinalupihan, Bataan.

Kinondena na rin ng Prente para sa Pambansang Pagpapalayang Moro (MNLF) ang iniulat na partisipasyon ng mga pilotong Amerikano, at maging ng isang pwersa ng 2,200 upisyal at tauhan ng US, sa mga operasyong militar ng AFP laban sa mamamayang Moro.

May 1,110 tropa ng US na may gamit na mga tangke at pitong malalaking bapor na pandigma ang lumahok sa isang pagsasanay ng AFP sa Dingalan, Aurora, noong Mayo 1982. Ginawa rin ang ganitong mga gera-gerahan sa baybayin ng Leyte noong 1980 at sa Botolan, Zambales, noong 1979. Noong 1981, nagtreyning sa Subic, Zambales, ang US Sea Air and Land Services (SEALS), ang ispesyal na yunit ng hukbong US para sa kontra-rebolusyon na pumalit sa "Green Berets."

Patunay ang mga pagsasanay na ito na pinaghahandaan ng imperyalismong US ang maramihang pagharap ng mga tropa nito sa mamamayang Pilipino sa sandaling di na solong makayanan ng papet na AFP ang pagsugpo sa paghihimagsik ng bayan.

## Pandaigdigang istratehiya

Layunin ng pandaigdigang istratehiyang militar ng US, na nagtatakda ng mahalagang papel para sa Pilipinas, ang pagpoprotekta sa mga interes sa negosyo ng monopolyong kapital ng US laluna ang dambuhalang pamumuhunan nito sa Europa at kontrol ng langis mula sa Gitnang Silangan.

Laluna matapos ang pagkatalo ng agresyon nito sa Vietnam, ang imperyalismong US ay batbat ng krisis sa sariling bayan at sa kanyang hegemonyang pandaigdig. Patuloy na nagkokonsolida ang mga bayang sosyalista, gayundin ang mga nagtagumpay nang mga kilusang mapagpalaya. Naglalagablab ang mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya sa nananatili pang mga kolonya at malakolonya. Dumaraming gubyerno sa Europa na kaalyado ng US ang kumikiling sa pusisyong independyente. Habang nagpapatuloy ang ganito, humihina ang kapangyarihan at impluwensya ng US

sa daigdig at lumiliit ang teritoryong hawak ng monopolyong kapital ng US.

Sa harap ng ganitong mga problema, at para rin makahangon ang sariling ekonomya mula sa malubhang krisis, ibayong pinalalaki ngayon ng imperyalismong US ang industriyang pandigma. Pinagpupunyagian ng US na makamit ang malaking kalamangang militar sa Soviet Union habang pakitang-taong nagmumungkahi dito na magbawas silang pareho ng armas nukleyar sa Europa. Pati ang programa ng US sa pag-aaral at paglalakbay sa kalawakan ay pangunahing itinutuon sa layuning militar, at pinapangarap pahantungin ni Presidente Reagan sa isang tunggaliang militar sa kalawakan na ang US ang may malaking kalamangan.

Sa kontekstong ito, sinisikap ng US na imaksimisa ang gamit ng mga baseng militar, at nagdedeploy ito ngayon ng mga sandatang istratehiko't nukleyar. Tumpak na kinokondena ng kilusang anti-base sa Pilipinas ang sabwatan ng US at ng gubyernong Marcos na mag-istak ng mga armas nukleyar dito, bagay na nagdudulot ng malubhang panganib sa bayan.

## Kilusang anti-imperyalista

Kung gaano kadisidido ang imperyalismong US na makapagpatuloy sa paghahari, higit pa ang determinasyong makalaya ng mga mamamayang pinagbaharian nito.

Ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya ay mabilis na nagpapasulong sa pandaigdigang pakikibakang anti-imperyalista. Sa pagtatagumpay ng ganitong mga kilusan, napakikitid ang teritoryong mapag-aagawan at mapaghahatian ng mga bayang imperyalista, at lumalaki ang saklaw ng mga humahakbang tungo sa pagtatayo ng sosyalismo.

Sa Pilipinas, isinusulong ng mamamayan ang pambansa-demokratikong rebolusyon. Unti-unting ginagapi ng hukbong bayan ang pasistang hukbo na papet ng imperyalismong US. Kapag maging tuwiran ang agresyong militar ng US dito, gagawing pambansang digma ng mga rebolusyonaryong Pilipino ang kasalukuyang digmang sibil.

Sa mga bayang kapitalista, lumalawak ang mga kilusang masa laban sa agresyon at panghihimasok ng imperyalismong US. Pinalalakas ng mga ito ang opinyong publiko laban sa imperyalistang dominasyon at subersyon.

Ang mamamayang Amerikano mismo ay tumututol sa mga imperyalistang pakana ng kanilang gubyerno. Tinututulan nila ang pagpaparami ng armas nukleyar ng US, ang subersyon nito sa Nicaragua, ang panana-lakay sa El Salvador, ang patuloy na pagsuporta sa mga pasistang papet, at ang pagpapalaki ng badyet militar ng US sa harap ng pagbigat ng pasaning buwis at pagbawas sa serbisyong sosyal.

Sa Europa at Japan, na dati'y halos lubusang impluwensyado ng US, nagdedemonstrasyon ang daan-daang libong mamamayan laban sa lumalaking panganib na nukleyar. Nito lamang Marso, may 40,000 ang nagkapit-bisig sa isang "kadenang tao" sa Great Britain para tutulan ang plano ng US na mag-istasyon doon ng mga misil. Sa Japan, hinarangan ng mga bapor na pangisda ang barkong *USS Enterprise* na may armas na nukleyar. Dumarami ang mga bayang may baseng militar ng US na humahakbang para palayasin ang mga ito.

Dito sa Pilipinas, inilunsad ang isang malawak na kampanya para igiit na lansagin ang mga baseng militar ng US, na matagal nang tumatayong mapait na paalaala sa pagkakasuko ng ating pambansang soberanya at sa pinilit na pagkakasangkot natin sa agresyon at hegemonya ng US sa ibang bayan. Kongkretong pinatutunayan ng mga base ang malakolonyal na ugnayan ng Pilipinas sa imperyalismong US, dahil ang papet na rehimeng Marcos ang tumitiyak sa patuloy nilang operasyon sa ating bansa.




Kaya naman, magkakaroon lamang ng pangmalayuang kabuluhan ang antipasistang nilalaman ng malawak na kilusang pampulitika kung nakaugnay iyon sa pakikibaka laban sa imperyalismong US. Sa US pangunahing nakukuha ng rehimeng Marcos ang suportang pampulitika at militar sa pagtatangka nitong sugpuin ang lagablab ng rebolusyon. Sa kabilang panig, buong kagalakan namang ipinapaubaya ngayon ng mga imperyalista sa pasistang papet na militar ang berdugong panunupil sa sambayanang Pilipino--dahil nangangahulugan ito na mananatili sa poder ang isang rehimeng gumagarantya sa patuloy na operasyon ng mga base ng US sa Pilipinas.

Dahil dito, isinusulong ang pakikibakang antibase bilang bahagi ng komprehensibong kilusang antipasista, anti-imperyalista at antipyudal. Ang demokratikong rebolusyong bayan ang ganap na wawasak sa pasistang estadong papet ng imperyalismong US. Ito ang maglalansag sa mga baseng militar at lahat ng iba pang instrumento ng dayuhang paghahari sa Pilipinas, at magtatayo ng isang lipunang Pilipino na may kasarinlan at pagpapasya sa sarili. •

## Dominasyong pampulitika ng US

# DEMOKRASYANG ANO? KALAYAANG ANO?



Noong Abril 1899, samantalang mahigpit na ipinagtatanggol ng rebolusyonaryong hukbong Pilipino ang Unang Republika laban sa agresyon ng United States, naglabas ng pahayag ang mga mananalakay. Isinaad ng pahayag ang magiging patakaran ng imperyalismong US sa Pilipinas noon:

"Dapat ipatupad, at siya ngang ipatutupad," anang Komisyong Schurman, "ang kapangyarihan ng United States sa bawat dako ng kapuluan, at sinumang manlalaban dito ay walang makakamit kundi ang sariling kapariwaraan."

Sa kabila ng magiting na panlalaban ng masang Pilipino, ang dominasyong imperyalista ay naipilit at napanatili sa pamamagitan ng labis-labis na paggamit ng armas at ng pagtataksil ng mga katutubong asendero-komprador.

Tatlo nang henerasyon ngayon ng mga Pilipino ang nagpupumiglas sa magkatuwang na paghaharing imperyalista't pyudal, mula nang isinuko ng mga ilustrado ang independensyang inagaw ng sambayanang Pilipino mula sa Spain, hanggang sa kasalukuyang panahon ng sagadsarang pagkapapet ni Marcos.

### Kasabwat

Ang mga ilustrado ay mga asendero-komprador na nagtataguyod sa mga ideya ng burges o liberal na demokrasya, na nasagap sa Europa ng mga nag-aral doon noong huling 20 taon ng ika-19 na siglo. Sa impluwensya ng mga ideyang ito, itinaguyod ng kilusan ng mga ilustrado ang antikolonyalismo (bandang huli'y hayag na nilang itinataguyod ang independensya) at antipyudalismo (bagamat mas nakatuon ang galit nila sa mga prayle, na may hawak ng malalawak na asyenda). Ipinanawagan nila ang gubyernong malinis at may sistema ng representasyon, gayundin ang kalayaang sibil, laban sa bulok at di demokratikong administrasyon ng mga kolonyalista.

Matapos ipwera ng mga ilustrado ang anakpawis na si Bonifacio mula sa liderato ng Katipunan, sila ang nakapamuno sa digmang mapagpalaya laban sa laos nang kapangyarihang kolonyal ng Spain. Sila rin ang nagtatag sa Unang Republika.

Pero sa harap ng malakas na kaaway gaya ng imperyalismong US, madali silang nalinlang, sumuko, at lumapit sa mga bagong panginoong nangangako ng biyaya.

Kapalit ng pagpapakasangkapan sa US--na gustong kumontrol sa Pilipinas para mahakot ang likas na yaman at magkaroon ng lunsaran sa pagtatangkang dambungin ang China gaya ng ginagawa na ng ibang imperyalistang poder--ang lokal na naghaharing uri ay lalo pa ngang nakinabang kaysa noong narito pa ang Spain.

Bilang mga upisyal sa bagong kolonyal na kaayusan, binigyang-laya sila ng US na ipatuloy ang pyudal na pagsasamantala sa malawak na masa. Sa kanila napunta ang kalakhan ng mga lupaing kinumpiska mula sa mga prayleng Kastila. Ang pinakamalaki ay nakipagsosyo sa mga Amerikano sa pagtatayo at pagpapalawak ng mga plantasyon, minahan, at trosohan.

Samantalang di naman nagbabago ang mga istrukturang pang-ekonomya't panlipunan sa Pilipinas, nagtayo ang US ng mga institusyon ng liberal na demokrasya. Nagkaroon ng halal na batasang pambansa, binuo ang mga partidong pampulitika, ipinasok ang mga Pilipino sa ehekutibo, itinayo ang serbisyong sibil. Subalit ang nagpapatakbo sa makinarya ng estado ay matapat na mga ahente ng US, at ang lahat ng importanteng patakaran at disisyon ay ibinababa lamang sa kanila ng gubyernong US.

### Huwad na laya

Nang ipinagkaloob ng US ang "independensya" ng Pilipinas noong 1946, tiniyak ng mga imperyalista na ang porma lang nito, at hindi ang esensya, ang tatamasahin ng mamamayan. Naging mas tago nga lang ang papel ng mga "tagapayong" Amerikano na unti-unting nilisan ang kanilang mga upisina sa Malakanyang, Camp Murphy (Kampo Aguinaldo ngayon), at ibang susing tanggapan. Sa larangang panlabas, nakabilang ang Pilipinas sa "malayang daigdig" na pansabak ng US sa masugid na kampanyang anti-komunista sa buong mundo.

Sina Roxas, Quirino, Magsaysay, Garcia, Macapagal, at Marcos: sunud-sunod na mga presidente ang dumaan kunwari sa

proseso ng popular na eleksyon pero ang totoo'y pinili ng US batay sa kakayahan nilang magsilbi sa interes ng imperyalista. Sila ang nanagot sa kaayusang tumitiyak sa pananatili ng interes na ito sa Pilipinas.

Lumakas ang rebolusyonaryong kilusan noong mga unang taon ng dekadang 1950; tinanggal si Quirino't pinaupo si Magsaysay na parang laruang sinususian ng US. Pinabayaan ni Garcia na makasingit sa gilid ng ekonomya ang mga Pilipinong kapitalista; pinagbantaan siya ng kudeta. Gaya nga ng inamin ni Macapagal, "Sinisikap ng bawat presidente ng Pilipinas, at ng halos lahat ng kandidatong magpresidente, na makuha ang suporta ng gubyernong Amerikano, o kaya'y di man lang maging katalo nito."

Samantala, unti-unting nagbago ang diin ng istratehikong layunin ng US sa Pilipinas.

Habang nananatiling mahalaga ang papel nito bilang pinagkukunan ng hilaw na matiryales at tagabili ng mga produktong Amerikano, at habang lumalaki rin ang puhunang US sa lokal na negosyo, (laluna sa agrikultura), pagpasok ng dekadang 1960 ay naging mas tampok ang papel ng mga baseng militar. Ginamit ang Clark at Subic laban sa nagrerebolusyong mamamayan ng Indochina. Noong dekadang 1970, pinatungo na sa malayong Golpo ng Persia ang mga bapor at eroplanong pandigma ng US mula sa Pilipinas.

Sa ganito'y nagkaroon ng ibayong gamit ang Pilipinas sa pandirigma't pakikialam ng imperyalismong US sa mga bayang naglulunsad ng kani-kanilang kilusan para sa pambansang paglaya. Mangyari pa, kabilang na sa mga target nito ang ating rebolusyon para sa pambansang demokrasya.

## Papet na diktadura

Noong 1972, sa sulsol ng US ay itinatag ni Marcos ang papet na pasistang diktadura sa tangkang pigilin ang paglakas ng rebolusyonaryong kilusan. Kung ang porma ng demokrasyang burges ay pinairal noong panahon ng naunang mga papet na rehimen, ngayon ay tuluyan nang itinakwil kahit ang pormang iyon.

Kinamkam ng pangkating Marcos ang kapangyarihang pampulitikang dati'y pinaghahatian ng lokal na naghaharing uri. Pinatalsik sa makabuluhang bahagi ng buhay pang-ekonomya ang mga komprador at panginoong maylupang di kabilang sa pangkatin. Sa pamamagitan ng paghahari ng iisang pangkatin, lalong nakonsolida ang kontrol ng US sa Pilipinas. Ang pagpapatakbo ng malakolonyal na ekonomya ay tiniyak ng mga teknokrat na pinili at sinanay sa mga teknik ng imperyalistang pagsasamantala.

Sa kabila ng panunupil na walang naging kapantay sa nakaraan, lalo lang nag-ugat, lumawak at lumakas ang armadong rebolusyon. Sa Mindanaw, sumiklab din at nagdulot ng mabigat na pinsala sa rehimen ang rebolusyonaryong digmang Moro. Kinondena ng mamamayan ng daigdig ang pasistang panunupil sa sambayanang Pilipino, samantalang sinuportahan ang makatarungang simulain nito.

Dala ng pag-unlad ng rebolusyon, ang mga myembro ng naghaharing uri na pinatalsik ng pangkating Marcos ay nangahas humingi ng pagbalik sa mga porma ng demokrasyang burges na umiral bago 1972. Noong una, tumitingala pa sila sa US para iligtas sila sa lantarang pagyurak sa mga prinsipyo ng liberal na demokrasyang bukambibig ng imperyalistang propaganda. →



Ngunit ang ipokritong isinagot ng gubyernong US ay: "Ano'ng akala n'yo sa amin, nakikialam sa gubyerno ng may gubyerno?" Kayat sa katagalan, nawawalan na rin ng pag-asa ang burges na oposisyong ito sa kahandaan ng US na agad palitan ang pasistang diktador.

Sapagkat higit sa lahat, ang istabilidad ng rehimen ang importante para sa US, para di magambala ang mga plano nito para sa pandaigdigang pananalakay at pananakop. Alang-alang sa pananatili ng mga baseng militar ng US sa Pilipinas, bumalik din si Carter sa hayag na pagsuporta kay Marcos, pagkaraang mag-ingay nang 18 buwan tungkol sa masamang rekord nito kaugnay ng mga "karapatang-tao."

Ang huwad na pag-aalis ng batas-militar noong 1981 at de-lastikong pagpayag na ilahad ang ilang hinaing ay di pa rin sumapat para pakalmahin ang paghihimagsik ng mamamayan. Bagkus, lalong tumingkad ang impluwensya sa hanay ng oposisyong burges ng mga bagong elementong mas nakararamdam sa lakas ng rebolusyonaryong kilusan, at seryosong nag-iisip kung ano ang magiging lugar nila sa sistemang pampulitikang itatayo sa pagwawagi nito.

## Tunguhin

Sa loob ng nakaraang labing-isang taon ng papet na diktadura, naging malinaw sa paparaming Pilipino na ang mga prinsipyo ng burges na demokrasya ay maskara lang na nagkukubli sa panghuhuthot at paniniil ng imperyalismong US sa Pilipinas. Namumulat sila sa katotohanan na ang pag-unlad ng lipunang Pilipino ay hindi na maaaring patnubayan ng mga prinsipyong ito, kundi ng ideolohiya ng rebolusyonaryong proletaryo.

Kasabay nito'y naging mulat na rin ang masang Pilipino sa pagkakaisa ng mamamayan na ibinunga ng tuluy-tuloy at mabangis na paghahari ng pangkating US-Marcos, ay sanhi ng pagkabahala para sa mga imperyalista.

Gayunman, ang mas pumapasok sa kalkula ng imperyalismong US, kaugnay ng relasyon sa pangkating Marcos, ay ang bloke ng burges na oposisyon, palibhasa'y may impluwensya pa rin ito sa malaki-laking bilang ng panggitnang seksyon ng mamamayan. Mahihiwatigan ang aktitud na ito sa isang pagsusuring ginawa para sa Kongreso ng US noong 1981, na ang layunin ay maghanay ng mga posibleng maging pakikitungo ng US kay Marcos sa harap ng lumalakas na rebolusyonaryong kilusan.

Kung mas importante para sa gubyernong US ang pagtiyak sa pampulitikang istabilidad ng Pilipinas, anang pagsusuri, ang angkop na patakaran ay ang "istratehiya ng komprontasyon," kundi man ang "istratehiyang dumidistansya." Sa una, magbabanta ang US na babawasan nang malaki ang tulong na militar kundi luluwagan ang sitwasyong pampulitika, halimbawa'y kundi magdadaos ng eleksyon. Sa ikalawa, tampok ang hayag na pagpuna ng US kay Marcos at pagkatig sa burges na oposisyon.

Sa kabilang banda, kung mas importante sa US ang mga baseng militar, pwedeng piliin ang "istratehiyang nagbabalanse," na may higit na ugnayan sa burges na oposisyon habang pinipigilan ang marahas na pagtuligsa nito sa rehimen. At ikaapat, pwedeng sundin ang "istratehiyang makagubyerno" ng tahasang pagsuporta kay Marcos at paglilimita ng ugnayan sa burges na oposisyon.

> "Ang mga prinsipyo
> ng burges na demokrasya
> ay maskara lang
> na nagkukubli
> sa panghuhuthot
> at paniniil
> ng imperyalismong US
> sa Pilipinas."

Walang duda na ang mga baseng militar ang batayan ng kasalukuyang patakarang maka-Marcos ng gubyernong US. Para patuloy na magamit ang mga ito'y ibinabasura ng mga imperyalista ang lahat ng pagkukunwaring ipagtanggol ang kalayaan at demokrasya, kahit sa burges na pakahulugan ng mga ito.

Ngayong hindi sila gaanong makapapel sa pambansang pulitika bunga ng gayong patakaran, mas nangingibabaw sa hanay ng oposisyong burges ang tunguhin na lantarang tuligsain ang rehimen at maghanap ng ugnay sa rebolusyonaryong kilusan. Habang lumalakas naman ito sa bawat dako ng Pilipinas, lalong paborable ang kundisyon upang patindihin ang paglaban sa diktadurang US-Marcos, likhain ang pinakamahusay na kalagayan para isulong ang mga hayag na pakikibaka, at pabilisin pa ang pagpukaw at pagpapakilos sa malawak na masa para sa digmang bayan.

Dominasyon ng US sa ekonomya

# Sa buong bayan, sa bawat rehiyon



Noon pang 1975 nawalan ng bisa ang kontrobersyal na emyendang *parity* na nagbibigay ng pantay na karapatan sa mga Amerikano na makinabang sa likas na yaman ng Pilipinas at pumasok sa anumang negosyo dito tulad ng mga Pilipino. Matagal na ring may batas (Anti-Dummy Law) na nagbabawal diumano sa mga dayuhan na gumamit ng tau-tauhan para makapagmay-ari ng lupa at buu-buong korporasyon.

Ngunit mas masahol pa ang kasalukuyang mga batas at patakaran ng pasistang rehimeng Marcos na nagpapalawak sa mga pribilehiyo ng mga dayuhang namumuhunan. Kamakailan lang, lantarang ibinalik ng rehimen ang parity at pinawalang-saysay ang anti-Dummy Law nang binigyan ng kapangyarihan ang Bangkong Sentral na bumili ng lupa at ari-arian, sa lunsod man o kanayunan, para sa dayuhang namumuhunan. Ipinangalandakan ng gubernador ng Bangkong Sentral na "kung nais ng mga dayuhang bumili ng pagtatayuan ng planta na kasinlaki ng Palawan, maaari nilang gawin ito."

Patuloy ang ganitong mga hakbang ng rehimen para maakit ang mga dayuhang namumuhunan, sa pangunguna ng US. Lahat na ay iniaalok sa dayuhan (pati ang pagiging Pilipino) habang pinagkakaitan ng karapatan ang sariling mamamayan. Para kay Marcos, nangangahulugan ito na may mas malaking taya ang US sa kanyang pasistang paghahari. Ngunit para sa mamamayan, walang ibang ibig sabihin ito kundi ibayong pagkasadlak sa kahirapan.

Sa anyo ng pautang, tuwirang pamumuhunan at kalakalan ay napapairal ng US ang dominasyon nito sa ekonomya. Ginagamit ng US ang sobrang kapital na inieeksport sa Pilipinas para kontrolin ang mahalagang mga sektor ng ekonomya, at pagkatapos ay naglalabas ng ganansyang sobra-sobra sa ipinapasok na puhunan. Walang iniwan sa kolonyal na kalakaran ang namamagitan sa Pilipinas at US hanggang sa ngayon. Tagaeksport pa rin ang Pilipinas ng mga hilaw na matiryales at bahagyang yaring produkto, na di hamak na mas mababa ang presyo kaysa presyo ng mga hilaw na matiryales para sa industriya, makinarya, at iba pang yaring produktong ibinebenta ng US sa Pilipinas.

Sa nakaraang mahigit 10 taon, dramatikong lumago ang pamumuhunan, pautang at pakikipagkalakalan ng US sa Pilipinas. Nilikha ng batas militar ang kundisyon para sa lubusang pagbubukas ng Pilipinas sa dayuhang kalakal at pamumuhunan, na ikinabagsak ng mga industriyang minamay-ari ng mga Pilipino. Hindi lamang tumindi ang kontrol at pagsasamantala ng US sa pambansang saklaw, tiniyak at sistematiko pang ipinatutupad ito sa bawat rehiyon.

## Pamumuhunan

Sa pamamagitan ng mga patakaran at batas sa pangganyak ng rehimeng Marcos, kinonsolida at pinalawak ng US ang pamumuhunan nito sa agrikultura, pagmimina, magaang na pagmamanupaktura, komunikasyon, hanggang sa seguro, pagbabangko, at pinansya. Karamihan sa mga empresang may pamumuhunang Amerikano ay kabilang sa 1,000 pinakamalalaking korporasyon sa Pilipinas. (Pumapangalawa ang mga kapitalista ng Japan sa namumuhunang dayuhan sa Pilipinas.)

Ayon sa Departamento ng Komersyo ng US, ang halaga ng tuwirang pamumuhunan ng US sa Pilipinas ay halos dumoble sa $1,244 milyon (₱12,440 milyon) noong 1980 mula sa $644 milyon (₱6,440 milyon) noong 1972. Bukod pa ang mga empresang may pamumuhunang US na mas maliit sa 25 porsyento.

Mas malaki nang di hamak ang halaga ng kabuuang pag-aari (*assets*) sa Pilipinas ng mga kapitalista ng US. Noon pa mang 1969, tinatayang nagkakahalaga na ito ng $2 bilyon (halos ₱20 bilyon ngayon).

Sa pamamagitan pangunahin ng pagsasamantala sa manggagawang Pilipino, mula 1946 hanggang 1980 ay kumita ng $2,167 milyon (₱21,670 milyon) ang $684 milyon (₱6,840 milyon) na ipinasok ng mga mamumuhunang US, o $3.17 sa bawat dolyar na ipinasok sa Pilipinas. Bukod pa rito ang kinikita nila sa mas mataas na presyo ng kalakal na ibinebenta nila sa kanilang mga subsidyaryo, bayad sa lisensya at patente.

## Pautang

Ang mga kundisyong itinatakda para sa pagpapautang ng US at iba pang imperyalista sa Pilipinas ay lumilikha ng kagyat at pinakamalawak na epekto sa buong ekonomya. Nagpapautang lamang ang mga

pandaigdigang ahensyang kontrolado ng US, tulad ng Bangkong Mundyal (World Bank o WB) at Pandaigdigang Pondo sa Pananalapi (International Monetary Fund o IMF), sa mga gubyernong sumasang-ayon sa mga patakaran at doktrina nila, tulad ng rehimeng Marcos.

Noong 1971, wala pang isang bilyong dolyar ang utang panlabas ng Pilipinas, na nitong katapusan ng 1982 ay umabot na sa $17 bilyon (₱170 bilyon). Kapalit ng mga pautang, idinikta ng IMF-WB simula 1972 na magluwag ang Pilipinas sa kalakalan at ibaba ang taripa sa mga iniimport na bilihin, paramihin ang eksport ng hilaw na matiryales at yaring produkto, ikonsentra ang puhunang pambangko sa kamay ng ilang bangkong kakabit ng malalaking bangkong imperyalista, at maghain ng karagdagang pangganyak sa dayuhang pamumuhunan.

Kung tutuusin, nauuwi din sa mga dayuhang namumuhunan at malalaking burges na kumprador sa Pilipinas ang halos 75 porsyento ng nauutang sa dayuhan, at 25 porsyento ang napupunta sa mga proyektong "pangkaunlaran" ng rehimen. Ang mamamayan ang pinagbabayad ng utang sa pamamagitan ng pagtataas ng mga buwis at mga presyo ng pangunahing bilihin at serbisyo. Sa 1983, ang utang na babayaran ay $1.4 bilyon (₱14 bilyon), at mas malaki ang interes nito ($801 milyon) kaysa prinsipal ($616 milyon).

Labas pa sa IMF-WB, pero sa tulong ng mga ito, malaki rin ang inuutang ng rehimen sa mga pribadong bangkong komersyal sa US at ibang bayan.

## Kalakalan

Ang pakikipagkalakalan ng Pilipinas sa US ay walang esensyal na ipinag-iba mula noong panahon ng tuwirang pananakop ng US sa Pilipinas. Ang kaibahan nga lamang ngayon, mas masaklaw ang dayuhang pamilihan na naaabot ng Pilipinas, at kabilang na sa inieeksport ang mga produktong umasenso lang nang kaunti sa mga gawang-kamay, tulad ng pyesang elektroniko, kasuotan at kagamitang dekuryente. Ang malaking bahagi ng mga sangkap ng produktong ito ay iniimport din mula sa US at iba pang bayan. Sadyang binabarat ng US ang presyo ng iniimport nito mula sa Pilipinas, at tinataasan naman ang presyo ng kanyang inieeksport.

Simula 1972, ipinatupad ng rehimen ang dikta ng IMF-WB na higit pang itali ang "pag-unlad" ng ekonomya sa walang katapusang pag-eeksport. Bunga nito, ang pagtatayo ng mga industriya ay sadyang inililimita sa bahagyang pagpoproseso lamang ng mga hilaw na matiryales, habang pinatitindi ang paghahakot ng hilaw na yaman para isuplay sa pangangailangan ng mga kapitalistang bayan. Pangunahing sumandig ang ganitong istratehiya sa napakarami at murang lakas paggawa ng mga manggagawa't magsasaka sa Pilipinas, upang sa gayo'y mapanatiling mababa ang presyo ng inieeksport.

Bagamat halos pumantay na ang balanse ng kalakalan ng US at Pilipinas mula 1975 hanggang 1982, ang malaking kalamangan ng US ay naitago nito sa likod ng mga kasosyo at subsidyaryong korporasyon sa Japan, Europa at Gitnang Silangan na nakikipagkalakalan sa Pilipinas. Sa mga barko ng US isinasakay ang mga produkto, kaya may dagdag na kita pa ang US mula sa byahe at seguro ng kargamento.

Sa pangkalahatan, ang pamumuhunan, pautang at kalakalan ng US, bukod sa tuwirang tulong pang-ekonomya sa rehimen, ay nagsisilbi lamang para panatilihing malapyudal at malakolonyal ang Pilipinas--may atrasadong ekonomya na pangunahing nakaasa sa agrikultura at sinusupil ang anumang pagtatangka sa industriyalisasyon. Kahit ang mga panrehiyong plano ng rehimeng Marcos ay nakakasa sa layuning ito.

## Plano sa mga rehiyon

Lumaki, lumawak at humusay pa ang kontrol ng US sa ekonomya ng Pilipinas nang likhain ng rehimeng Marcos ang 13 rehiyon na kinapapalooban ng 73 probinsya. Ginawang kabiserang rehiyon ng bayan ang Metro Manila, na binubuo ng apat na syudad at 13 munisipalidad.

Ayon sa pag-aaral ng rehimen, ang dayuhang puhunan ay halos nakakonsentra lang sa Luson at sa Metro Manila nakakonsentra ang pagmamanupaktura. Sa tingin ng rehimen, hindi gaanong napapakinabangan ng malaking puhunan ang angking yaman ng iba't ibang lugar. Sa hiwalay na pagsusuri ng isang ahensya ng US sa Mindanaw, natuklasang wala pang 10 porsyento ng mga hilaw na matiryales ang natutukoy sa lugar, ang mga lupang agrikultural ay di pa sapat na nagagamit, at hindi pa nagagalaw ang mga pangunahing pangisdaan.

Hinati ng rehimen ang Luson sa anim na rehiyon, ang Bisayas sa tatlo, at ang Mindanaw sa apat. Sinaliksik at tinukoy ang lahatang potensyal ng bawat rehiyon, mula sa mapagkukunan ng murang lakas-paggawa, magagamit na lupang agrikultural, mga produktong mahahalaw sa gubat

at dagat, at mga depositong mineral, hanggang sa kaayusan at seguridad ng lugar. Inilunsad ang istratehiya ng "pinag-isang na pagpapaunlad" ("integrated development"), at ipinailalim ang lahat ng proyektong "pangkaunlaran" sa sentralisadong pangangasiwa ng mga binuong panrehiyong ahensya tulad ng Metro Manila Commission at Southern Philippines Development Authority.

Bahagi ng istratehiyang ito ang pagtatayo ng mga imprastruktura, pagpapaunlad ng mga esensyal na serbisyo tulad ng elektripikasyon at patubig, pagpapataas sa produktibidad ng agrikultura, pagkontrol sa populasyon, at panghihikayat sa dayuhang namumuhunan sa agribisnes at iba pang industriyang nakabase sa kanayunan. Ang mga proyektong ito ay pangunahing pinopondohan ng IMF-WB at iba pang dayuhang institusyon sa probinsya.




Sa mga lugar na sumasalakay ang rebolusyonaryong kilusan, pangunahing inaasahan ang militar para ipatupad ang mga proyektong ito.

Kapag nakatayo na ang mga proyekto, inaasahang bubuhos ang dayuhang puhunan sa bawat rehiyon. Sa ilalim ng limang-taong plano ng rehimen para sa 1983-1987, may panrehiyong programa sa pamumuhunan (Regional Development Investment Program). Ayon dito'y magtatakda ang bawat rehiyon ng sariling panggayak sa imperyalistang kapital. Magtatayo rin ng panrehiyong mga bahay kalakal (trade house) para pagtanghalan ng mga katutubong produktong puwedeng ieksport.

Sa Lambak ng Cagayan, katatapos lang ng higanteng dam sa Ilog Magat, na pinondohan ng WB at nagkakahalaga ng ₱4.5 bilyon, para patubigan ang 113,000 ektarya sa Isabela. Dalawa pang dam sa Kalinga-Apayao ang nakatakdang tapusin sa 1984. Bukod pa ito sa apat na dam na itatayo sana sa Ilog Chico para sa pangangailangan ng tatlong probinsya ngunit natigil dahil sa malakas na oposisyon ng masa.

Sa loob ng limang taong nagdaan, natuklasan sa pamamagitan ng Samar-Leyte Integrated Mineral Development Project ang malaking deposito ng hilaw na aluminyo (bauxite) sa Samar, na pinag-iinteresan ng Reynolds Aluminum. Sa Leyte, ang itinatayong *copper smelter* ay magpuproseso ng hilaw na tanso na minimina sa Cebu, Samar at ibang probinsya. Kukuha ito ng elektrisidad mula sa plantang *geothermal* (gumagamit ng enerhiya mula sa mainit na singaw ng lupa).

Limang dam naman ang itinatayo sa ilalim ng Cotabato-Agusan River Basin Development Project para magsuplay ng tubig at kontrolin ang baha sa Agusan del Norte at Sur, Misamis Oriental at Bukidnon. Hindi ikinakaila ng rehimen na paghahanda ito para sa pagpasok ng mga korporasyon ng pagtotroso, minahan at agribisnes sa lugar.

Ilan lamang ito sa mga proyektong "pangkaunlaran" na naglalatag ng pundasyon para maluwag ng US kahit ang kasulok-sulukan ng Pilipinas. Ang pakanang ito ng rehimeng US-Marcos ay naghahatid ng matinding pinsala sa mamamayan sa pagpapatalsik sa milyong magsasaka sa kanilang lupa at masidhing pagsasamantala sa masang anakpawis. Nasasalanta ang kapaligiran sa paglason sa mga dagat at ilog, pagkalbo ng kagubatan, at pabalita sa mga bukirin. →

Sa iba't ibang rehiyon, inilalantad at tinututulan ng rebolusyonaryong mamamayan ang ibayong pandarambong ng US sa kanilang lugar at sa buong bayan. Lumalawak at dumarami ang mamamayang napupukaw at kumikilos sa anti-imperyalistang pakikibaka, na mahigpit na kakawing ng antipasista at antipyudal na pakikibaka.

Ngayon pa lamang, ang armadong pakikibaka sa kanayunan, ang mga welga't demonstrasyon sa kalunsuran ay epektibong nakahahadlang sa partikular na mga plano ng rehimeng US-Marcos tungo sa ibayong dominasyon ng US sa ekonomya ng Pilipinas.

# Sangay ng Partido sa Iskwela

Nasulyapan ni Pepe ang hedlayn ng dyaryo habang papunta sa unibersidad. "Aba! Si Enrile naman ngayon ang pumunta sa US. Magpapalimos siguro ng dagdag na tulong militar." Nang mabakante siya pagkatapos ng unang klase, pumunta si Pepe sa aklatan para basahin ang dyaryo. Sa kantina, noon namang tanghalian, nakatalakayan niya ang ilang kaiskwela hinggil sa mga tampok na balita.

Nang sumunod na linggo, kabilang si Pepe sa mga istudyanteng nagrali sa harap ng embahada ng US para tuligsain ang pananatili ng mga baseng militar ng US at pakikialam nito sa buhay ng Pilipinas.

Tulad ni Pepe, ang mga istudyante ay uhaw sa kaalaman at naghahanap ng paliwanag sa mga isyu at pangyayari sa buong bansa at ibayong-dagat. May pagkakataon silang magbasa ng mga libro at artikulo. Bukod dito, sila'y artikulante at handang makipagpalitan ng opinyon. At sa pamamagitan ng pagbabasa at diskusyon, tumatalas ang kanilang pag-unawa sa pulitika at nahuhubog ang pagmamalasakit sa kinabukasan ng bayan.

Nakakonsentra ang mga istudyante sa mga paaralan at grupo ng paaralan. Mabilis na kumalat ang mga progresibong ideya sa kanilang hanay. At dahil naman ang karamihan sa kanila'y wala pang mabigat na responsibilidad sa pamilya o sa hanapbuhay, malaya silang mag-ukol ng panahon sa makabuluhang mga gawain.

Sa labas ng paaralan, mabisa nilang naipapalaganap ang mga rebolusyonaryong kaisipan at aktitud sa kanilang mga nakakasalamuha.

Di kataka-taka, kung gayon, na laksalaksang istudyante ang nanguna sa mga malakihang aksyong masa noong 1970-71 na nagbigay-bwelo noon sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Pansamantalang humupa ang militanteng pagkilos ng mga istudyante pagkadeklara ng batas militar. Sa pagkatuto ng mga bagong taktika at istilo ng pagkilos, muling lumakas at tumatag ang kilusang istudyante noong huling hati ng dekadang 1970. Sa kasalukuyan, gumaganap ito ng mahalagang papel sa pagpapasigla sa rebolusyonaryong kilusang masa at pagsuporta sa armadong pakikibaka.

## Proletaryong pamumuno

Lumilitaw at nalulubos ang rebolusyonaryong potensyal ng mga istudyante sa wastong paggabay ng Partido sa kanilang pagkilos. Sa antas ng mga iskwela, ang tungkuling ito ay nakaatang sa sangay ng Partido, na siyang kumakatawan sa proletaryong pamumuno sa iskwela.

Mayroon nang mga sangay na binubuo ng mga istudyante, guro at ibang empleyado sa iskwela na kasapi ng Partido. Ang karamiha'y binubuo ng mga istudyante pa lamang.

Sa paggabay sa rebolusyonaryong kilusang masa sa iskwela, ikinakawing ng sangay ang mga isyung pang-istudyante at pang-eskwela sa mga pambansang isyu.

"Nagtatakda kami ng programa, panawagan, patakaran at taktika ayon sa pangkalahatang panawagan para sa kabuuang sektor ng kabataan-istudyante, pagsusuri sa kalagayan sa iskwela, kahandaan ng pwersa, at mga isyu at usaping kailangang harapin," ani Ka Tony, kalihim ng sangay sa isang kolehiyo. "May panahong nakatuon sa isyung pang-iskwela ang pagkilos at may pagkakataong tuwirang namomobilisa ang mga istudyante sa mga pambansang isyu. Di nga ba't noong FQS [First Quarter Storm] ang malakihang mga aksyong masa noong simula ng 1970] at maski magaga pa rito'y halos pawang pambansang isyu ang dinala ng mga istudyante? Nitong nakaraang taon, halimbawa, namobilisa ang mga istudyante sa isyu ng pagbisita ni Marcos sa US."

Para sa malawak at tuloy-tuloy na pagmomobilisa sa istudyante, binibigyan ng diin ang paglalatag ng lambat ng ligal at iligal na mga organisasyong ginagabayan ng Partido. Kayat karaniwan, marami sa mga kasapi ng sangay ang tuwi-

lunsuran ng Mindanaw, at ang bigat ng mga kontra-rebolusyonaryong operasyon ng AFP ay inilipat sa mga larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan mula sa mga lugar ng Prente para sa Pambansang Pagpapalayang Moro (Moro National Liberation Front o MNLF). Pagsapit ng kalagitnaan ng 1981, sinimulan na ang malawakang paghahamlet.

Itinayo ang mga sentro ng hamlet sa San Vicente (Laac), Davao del Norte. Mula rito, mabilis nang pinalawak ang paghahamlet. Noong Disyembre 1981, may 80 sentro ng hamlet sa Davao del Norte at hindi mabilang ang iba pa sa anim pang probinsya. Pagsapit ng Oktubre 1982, may 335,000 mamamayan na ang nasa mga hamlet. May 135 sentro ng hamlet sa mga probinsya ng Zamboanga, 110 sa Davao del Norte at Agusan del Sur, 65 sa Davao del Sur at North Cotabato at apat sa Maramag, Bukidnon.

Sa buong Mindanaw, lumala ang pagmamalupit ng mga pwersang militar at paramilitar ng AFP. Lumaganap ang mga masaker, pagsasalbeyds, pambobomba, arbitraryong pang-aaresto, tortyur, pagsosona, pwersahang pagpapasurender, pangingikil at pangingidnap, laluna sa mga lugar na hinamlet.

Ipinamalas ng mamamayan ang kanilang militanteng galit sa pamamagitan ng paglahok sa mga kampanyang antihamlet at anti-militarisasyon. Nang umabot sa rurok ang kampanya noong Disyembre 10, sampu-sampung libong tao ang sumama sa mga rali, martsa, at simbolikong hukumang bayan sa may 30 sentrong bayan sa Mindanaw. Lumampas sa 153,000 tao ang kabuuang mobilisasyon sa buong isla.

Bago pa Disyembre 10, ang Mindanaw ay halos naging isang malaking pulong-masa na kumondena sa pasistang panunupil. Sunud-sunod na idinaos ang mga simposyum, malakihang pulong, at pag-aaral. Itinanghal ang mga poster, *mural*, at islogan sa kahabaan ng mga haywey at pangunahing kalsada. Malawakang ikinalat sa maraming sentro ng mga syudad ang mga manipesto at publikasyong umabot sa 182,000 kopya. Iba't ibang anyo ng pangkulturang pagtatanghal ang ginanap, kasama na ang mga dramang-kidlat, pagpapalabas ng *betamax*, at *slide show*.

Tuluy-tuloy ang mga gawaing ito sa kampanya habang sunud-sunod namang mga taktikal na opensiba ang inilunsad ng hukbong bayan sa kanayunan.

Ang tagumpay na ito ng kampanya ay tiniyak ng tatlong mahalagang sangkap: ang wastong taktikal na pamumuno ng Partido, ang organisadong kilusang lihim, at ang ligal na makinaryang may sapat na lakas.

## Taktikal na pamumuno

Nagsimula ang pagpaplano ilang buwan bago ang kampanya. Matapos pag-aralan ang pagkakahanay ng mga pwersang pampulitika sa Mindanaw at sa buong bansa, gumawa ang Partido ng malinaw na depinisyon ng batayan at katangian ng kampanya, gayundin ng mga pangkalahatan at partikular na patakaran na gagabay dito.

Ang layunin ay paunlarin ang isang malawak at lantad na kilusang protesta laban sa paghahamlet at militarisasyon bilang bahagi ng antipasistang pakikibaka. Tinukoy ang mga kilusang sektoral na palalahukin, ang kani-kanilang papel, at ang koordinasyon. Maliban sa paghahamlet bilang sentral na isyu, inihanay din ang mga pumapangalawa at sektoral na isyu na may kaugnayan dito.

Tinapag ang iba pang patakaran para maging malinaw ang mga partikular na layunin ng kampanya, ang mga sentrong syudad na bibigyan ng priyoridad, ang mga anyo ng pakikibaka at organisasyon na gagamitin, ang mga islogang dadalhin, at ang iba't ibang yugto ng kampanya.

Para matugunan ang pangangailangan ng kampanya at matiyak ang pagpapatupad ng mga patakaran, binuo ang mga pansamantalang (*ad hoc*) komite ng Partido sa lahat ng posibleng antas. Ang mga komiteng ad hoc ang sumentro sa pangangasiwa sa kampanya. Nilinaw ang responsibilidad ng bawat isa, ang teritoryong sasaklawin, ang mga pwersang pangungunahan at ang mga usaping dadalhin. Tinugunan ng mga ito ang mga problemang sumulpot sa panahon ng kampanya. Tiniyak ang mahusay na koordinasyon ng kaukulang mga organo laluna sa pagitan ng mga larangang gerilya at puting purok. Sa pagtugon sa pangangailangan ng kampanya, pinagaan din ng mga komiteng ad hoc ang gawain ng mga regular na organong panteritoryo, kaya naman nagawa nitong huli na ipagpatuloy ang iba pa nilang gawain sa teritoryo. Masasabing ang ganitong hatian ng gawain sa pagitan ng mga ad hoc at regular na komite ay nakatulong sa pagbabalanse ng gawaing konsolidasyon at pagpapalawak sa panahon ng kampanya.

## Mga organisasyong sektoral

Matapos mailatag ang mga patakaran at mabuo ang makinarya na mangangasiwa sa kampanya, naging mapagpasya na ang aktwal na mobilisasyon ng mga lihim na organisasyong sektoral.

Ang pinakamalaking mga aksyong masa ay naganap sa mga larangang gerilya na

*'Mga samahan ng magsasaka at iba pang lihim na organisasyon ang bumuo sa pangunahing pwersa sa mga aksyong masa.'*



*'Ang lambat na ligal ang nagbigay ng ligal na daluyan at prente para sa mga lihim na organisasyong masa para makagawa ng lantad na pagkilos.'*

may malakas na mga organisasyong masa. Sa isang lugar lang, halimbawa, lumahok ang mahigit 10,000 mamamayan sa rurok ng masang pagkilos. Sa naturang larangang gerilya, sangkatlo ng lahat ng baryo ay may komiteng pang-organisa, at may 300 ganap na balangay ng mga samahan ng magsasaka. Ang mga samahan ng magsasaka at iba pang lihim na organisasyon ang bumuo sa pangunahing pwersa sa mga aksyong masa. Sa pamamagitan nila, naabot ng Partido ang mga mamamayang di pa organisado at napalahok sila sa kampanyang masa.

Malinaw na naipakita ng pampulitikang kampanya ang pagkabigo ng matinding panunupil na buwagin ang mga lihim na organisasyong masa. Sa halip na mabuwag, lumakas pa nga ang mga ito sa karamihan ng mga larangan. Sa gabay ng Partido at tulong ng hukbong bayan, matiyagang pinangalagaan, muling binuo at pinatatag ng masa ang kanilang mga organisasyon maging sa harap ng paghahamlet.

## Makinaryang ligal

Samantala, kung sila-sila lamang, hindi lubusang magagawa ng mga lihim na organisasyong sektoral na tiyakin ang katangian ng kampanya bilang lantad at malawak na kilusan. Sumasagot sa pangangailangang ito ang pagkakaroon ng isang ligal na makinarya na may sapat na lakas at nagsisilbing "payong."

Sa kampanya, mahalaga ang naging papel ng mga lantad na organisasyong ligal, mula sa malalawak na alyansa at institusyon sa buong Mindanaw hanggang sa mga organisasyon sa antas ng baryo o iskwela. Ang lambat na ligal ang nagbigay ng ligal na daluyan at prente para sa mga lihim na organisasyong masa para makagawa ng lantad na pagkilos. Noon pa mang bago magsimula ang kampanya, marami sa mga ligal na organisasyon at institusyon ang nakatayo na. Ngunit marami rin ang sumulpot sa panahon ng pangmasang pakikibaka.

Naaalala pa ng mga kasama sa Mindanaw na noong 1981, may mga pagkakataong idinaos ang mga aksyong masa sa mga sentrong bayan kahit puro iligal na mga organisasyon pa lamang ang umiiral. Wala pa sila noong sapat na pagkagagap sa prinsipyo ng pag-iiba ng mga iligal na aktibidad sa hayag at ligal na aktibidad, at sa wastong pagsasanib ng dalawa. Walang daluyan ng hayagang aktibidad. Dahil sa mahinang pag-oorganisa, natambad sa atake ng kaaway ang mga aksyong masang ito. Sa isang kaso, nagpaputok ang kaaway sa demonstrasyon, at namatay ang tatlong tao at nasugatan ang maraming iba pa.

Noong 1982, naiwasto na ang kahinaang ito. Sa panahon ng kampanyang anti-hamlet at anti-militarisasyon, naging malapit na ang ugnayan at mahusay nang naikombina ng mga pwersa sa puting purok at larangang gerilya ang iligal na gawain sa ligal.

Lumawak ang saklaw ng kampanya sa pamamagitan din ng ligal na lambat. Lubusang nagamit ang mga ligal na manipesto, simposyum, pahayag sa midya, at iba pang tulad nito, para magpalaganap ng impormasyon. Sa pamamagitan ng iba't ibang alyansa, naabot ng kampanya ang marami sa hanay ng petiburgesya at maging ang burges na oposisyon. Maraming propesyonal ang nagsadya sa mga hamlet, nagsadokumento ng mga pagmamalupit na pasista, at nagbigay ng tulong sa mamamayan.

Kung titingnan sa kabuuan, pinatunayan ng kampanyang antihamlet at antimilitarisasyon na ang mamamayan ay higit pang naging militante sa harap ng mas matinding pampulitika at militar na panunupil. Bilang sagot sa paghahamlet at pagmamalupit ng kaaway, pinatindi ng mamamayan ang kanilang pampulitikang aksyong masa habang pinalalaki pa ang kanilang tuwirang suporta sa kanilang sariling hukbo at sa mga taktikal na opensiba nito. Sa prosesong ito, higit pa nilang napalawak ang kanilang mga alyansa, nahasa ang kanilang kasanayan sa pagkokombina ng ligal at iligal na gawain, at napatatag ang kanilang organisasyon, kapwa sa ligal at sa lihim. ●

## 5 Reyd

Sa limang reyd na inilunsad ng mga yunit ng BHB sa Mindanaw noong Enero-Pebrero, 58 armas ang naagaw, kabilang ang isang M60 masinggan at tatlong M79 *grenade launcher*. Patay ang 23 pasistang tropa. Sumusunod ang ditalye:

--Enero 21, Cagwait, Surigao del Sur: Sinalakay ang himpilan ng 426th PC Company sa baryo Aras-asan. Napatay ang anim na PC, kabilang si Kapitan Calo. Nakumpiska ang 21 M16, limang karbin at isang M79. Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang himpilan bago sila umatras.

--Enero 24, Kadingilan, Bukidnon: Dinisarmahan ang isang yunit ng CHDF sa baryo Baloacoro at pinarusahan ang kapitan ng baranggay. Siyam na ripleng Garand ang nasamsam.



--Pebrero 4, Butuan City (Agusan del Norte): Ginapi ng BHB ang isang iskwad ng PC-CHDF na nakakampo sa Butuan Logs. Nakumpiska nang walang putukan ang isang M60 masinggan, tatlong M16, tatlong Garand, isang *Browning automatic rifle* (BAR), at mahigit 2,000 bala.

--Pebrero 12, Quezon, Bukidnon: Inatake ang tsekpoynt ng 57th PC Bn sa plantasyon ng Rangay Farm. Pitong sundalo ang patay at dalawa pa ang sugatan. Naagaw ng hukbong bayan ang pitong M16 at isang M79.

--Pebrero 17, Siay, Zamboanga del Sur: Nilusob ang himpilan ng 13-kataong pwersa ng 30th IB (PA) sa baryo Balagon. Walong sundalo ang patay at apat na M16, isang M79 at isang BAR ang naagaw. ●

## Demolisyon

Binigo ng mga naninirahan sa baryo Old Balara sa Quezon City ang pagtatangka ng gubyerno na palayasin sila at wasakin ang kanilang mga bahay noong Abril 6.

Nagbarikada ang mga tagabaryo para pigilin ang pagpasok ng mga pulis at 200-kataong pangkat ng demolisyon. Bato ang ipinanlaban nila sa mga baril at batuta ng mga nanlusob na pulis. Marami ang nasugatan, kabilang ang di kukulangin sa sampu na nabaril. Lima lang sa 300 bahay



na nakatakdang wasakin ang nagawang idemolis.

Nito namang Abril 16, lumaban din ang masa sa Bagong Baryo, Caloocan City, bago nagawang gibain ng gubyerno ang kanilang mga bahay. ●

## Baklad

Matapos ang malaking ingay na ginawa ng rehimen sa diumano'y paglulutas sa pagsakop ng mga baklad sa malaking bahagi ng pangisdaan sa Laguna de Bay, ang resulta'y higit na kontrol ng pangkating Marcos sa malaking negosyong ito.

Muling pumutok ang isyu kamakailan sa matinding pagpoprotesta ng maliliit na mangingisda't mag-iitik laban sa walang rendang pagpapatayo ng mga baklad sa lawa. Paulit-ulit na nila itong inirereklamo sa loob ng nakaraang mga taon, at nangangako naman si Marcos na alisin ang mga baklad. Pero lalo lamang dumarami ang mga ito.

Sa pagkakataong ito, ipinahayag ng rehimen na di wawasakin ang mga iligal na baklad na sumasakop sa halos kalahati ng lawa. Sa halip, ipapailalim ang mga ito sa pangangasiwa ng "KKK." Karamihan ng mga baklad ay pag-aari ng 13 malalaking burukrata't upisyal militar ng rehimen.

Sa ngalan ng "KKK," dadaloy sa mga may-ari ng baklad ang kalakhan ng ₱135 milyon na pinautang ng Asian Development Bank sa rehimen para daw paunlarin ang pangingisda sa Laguna de Bay. Kaya't di lang nakokonsolida ng pangkating Marcos ang kontrol sa pangingisda sa lawa, nakakakurakot pa ito ng malaking halaga ng pautang. ●

## Tagtuyot

Patuloy na sinasalanta ang bayan ng mahabang tagtuyot, laluna sa Bisayas at Mindanaw. Pero pilit na minamaliit ng

## 5 Reyd

Sa limang reyd na inilunsad ng mga yunit ng BHB sa Mindanaw noong Enero-Pebrero, 58 armas ang naagaw, kabilang ang isang M60 masinggan at tatlong M79 *grenade launcher*. Patay ang 23 pasistang tropa. Sumusunod ang ditalye:

--Enero 21, Cagwait, Surigao del Sur: Sinalakay ang himpilan ng 426th PC Company sa baryo Aras-asan. Napatay ang anim na PC, kabilang si Kapitan Calo. Nakumpiska ang 21 M16, limang karbin at isang M79. Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang himpilan bago sila umatras.

--Enero 24, Kadingilan, Bukidnon: Dinisarmahan ang isang yunit ng CHDF sa baryo Baloacoro at pinarusahan ang kapitan ng baranggay. Siyam na ripleng Garand ang nasamsam.



--Pebrero 4, Butuan City (Agusan del Norte): Ginapi ng BHB ang isang iskwad ng PC-CHDF na nakakampo sa Butuan Logs. Nakumpiska nang walang putukan ang isang M60 masinggan, tatlong M16, tatlong Garand, isang *Browning automatic rifle* (BAR), at mahigit 2,000 bala.

--Pebrero 12, Quezon, Bukidnon: Inatake ang tsekpoynt ng 57th PC Bn sa plantasyon ng Rangay Farm. Pitong sundalo ang patay at dalawa pa ang sugatan. Naagaw ng hukbong bayan ang pitong M16 at isang M79.

--Pebrero 17, Siay, Zamboanga del Sur: Nilusob ang himpilan ng 13-kataong pwersa ng 30th IB (PA) sa baryo Balagon. Walong sundalo ang patay at apat na M16, isang M79 at isang BAR ang naagaw. ●

## Demolisyon

Binigo ng mga naninirahan sa baryo Old Balara sa Quezon City ang pagtatangka ng gubyerno na palayasin sila at wasakin ang kanilang mga bahay noong Abril 6.

Nagbarikada ang mga tagabaryo para pigilin ang pagpasok ng mga pulis at 200-kataong pangkat ng demolisyon. Bato ang ipinanlaban nila sa mga baril at batuta ng mga nanlusob na pulis. Maraming nasugatan, kabilang ang di kukulangin sa sampu na nabaril. Lima lang sa 300 bahay



na nakatakdang wasakin ang nagawang idemolis.

Nito namang Abril 16, lumaban din ang masa sa Bagong Baryo, Caloocan City, bago nagawang gibain ng gubyerno ang kanilang mga bahay. ●

## Baklad

Matapos ang malaking ingay na ginawa ng rehimen sa diumano'y paglulutas sa pagsakop ng mga baklad sa malaking bahagi ng pangisdaan sa Laguna de Bay, ang resulta'y higit na kontrol ng pangkating Marcos sa malaking negosyong ito.

Muling pumutok ang isyu kamakailan sa matinding pagpoprotesta ng maliliit na mangingisda't mag-iitik laban sa walang rendang pagpapatayo ng mga baklad sa lawa. Paulit-ulit na nila itong inirereklamo sa loob ng nakaraang mga taon, at nangangako naman si Marcos na alisin ang mga baklad. Pero lalo lamang dumarami ang mga ito.

Sa pagkakataong ito, ipinahayag ng rehimen na di wawasakin ang mga iligal na baklad na sumasakop sa halos kalahati ng lawa. Sa halip, ipapailalim ang mga ito sa pangangasiwa ng "KKK." Karamihan ng mga baklad ay pag-aari ng 13 malalaking burukrata't upisyal militar ng rehimen.

Sa ngalan ng "KKK," dadaloy sa mga may-ari ng baklad ang kalakhan ng ₱135 milyon na pinautang ng Asian Development Bank sa rehimen para daw paunlarin ang pangingisda sa Laguna de Bay. Kaya't di lang nakokonsolida ng pangkating Marcos ang kontrol sa pangingisda sa lawa, nakakakurakot pa ito ng malaking halaga ng pautang. ●

## Tagtuyot

Patuloy na sinasalanta ang bayan ng mahabang tagtuyot, laluna sa Bisayas at Mindanaw. Pero pilit na minamaliit ng

rehimen ang saklaw at epekto nito, sa takot sa masamang publisidad.

Sinabi naman ng Philippine National Red Cross na di bababa sa 166,329 pamilyang magsasaka ang apektado ng tagtuyot sa Bisayas at Mindanaw, na nakasira na ng pananim na may halagang mahigit ₱150 milyon. Sinabi pang ito na siguro ang pinakagrabeng tagtuyot sa Pilipinas sa loob ng 25 taon.

Ayon sa panimulang mga ulat, ang pinakamalubhang apektado ay ang mga naguuma sa interyor, na di makapagtanim dahil walang ulan. Dahil nagugutom na ang mga pamilyang ito'y bumababa sila sa kapatagan, laluna sa mga sentrong bayan.

Kahit ang mga magsasaka sa mga lugar na may irigasyon ay naapektuhan na rin, dahil walang tubig sa mga imbakan.

Di matugunan ng rehimen ang pangangailangang magbigay ng pangkagipitang tulong sa mamamayan kapwa sa mga sentrong bayan at interyor. Nagsisisihan tuloy ang mga upisyal sa lahat ng antas.●

## Rangers

Isang espesyal na pwersa, kabilang ang isang rehimyento ng Rangers, ang binubuo at sinasanay para mapigil ang sunod-sunod na pagkatalo sa labanan ng mga tropang AFP.

"Kailangang matuto ang tropa na gumamit ng mabibigat na armas," utos ni Marcos nang ipahayag nila ang pagbubuo ng "pwersang pambato." Idinagdag din niya na kulang ang mga tropang AFP sa kaalaman sa gawaing panggarison.

Samantala, pinuna ng mga retiradong upisyal ng AFP ang kasalukuyang pamamalakad ng mga operasyon, na anila'y dahilan ng pagkatalo nito sa halos lahat ng larangang pinipiling kilusan ng Bagong Hukbong Bayan.

Masyadong maraming mataas na upisyal na nagmamando pero palagi naman silang talo, anang mga pumupunang retirado, ayon sa ulat ng *Bulletin Today*. ●

# INTERNASYONAL

## El Salvador

Ipinahayag kamakailan ng Prente ng Farabundo Marti para sa Pambansang Pagpapalaya ang pagsasanib sa iisang komand militar ng lahat ng armadong pwersang lumalaban sa rehimeng US-Magaña sa El Salvador.

Ang pinagsanib na rebolusyonaryong hukbo ay binubuo ng limang pwersa--Rebolusyonaryong Hukbong Bayan, Pwersang Popular para sa Pagpapalaya, Hukbong Sandatahan ng Pambansang Paglaban, Hukbong Sandatahan sa Pagpapalaya, at hukbo ng Partido ng Rebolusyonaryong Manggagawa ng Gitnang Amerika. Tinatayang may di bababa sa 10,000 ang kanilang tauhan.

Samantala, pinag-iibayo ng gubyernong US ang pagsuporta sa rehimeng Magaña. Sa taong ito, dinoble ang tulong militar at ipinatupad sa pamamagitan ng mga ipinadalang tagapayong militar ang isang kontra-rebolusyonaryong programa para "makuha ang El Salvador." ●

## Namibia

Ngayong Abril, isang internasyonal na kumperensya sa Namibia (dating Southwest Africa) ang gaganapin sa Paris sa pagtataguyod ng Mga Bansang Nagkakaisa (UN).

Layon ng kumperensya na pilitin ang South Africa na sundin ang disisyon ng UN noong 1966 na tumatapos sa pamamahala nito (ng South Africa) sa Namibia at ang sumunod na disisyon ng Internasyonal na Hukuman sa Katarungan na kumakatig sa disisyong ito. Dahil ayaw umalis ng rasistang rehimen ng South Africa mula sa Namibia na ang mga mamamayan ay Itim, di maangkin nitong huli ang kanyang independensya.

Ang mga disisyong nabanggit ay tinatalikuran ng administrasyong Reagan ng US. Masama pa, nagpapakana ang US at South Africa na alisin ang usapin sa adyenda ng UN, para igiit ang patuloy na kolonyalisasyon ng mga Puting taga-South Africa sa Namibia.

"Kung may pagkakataong makipagnegosasyon sa South Africa o sa pamamagitan ng UN, handa kaming makipag-usap," ayon kay Sam Nujoma, pinuno ng Organisasyon ng mga Mamamayan ng Southwest Africa (SWAPO). "Naniniwala ang SWAPO na ang inilulunsad naming armadong pakikibaka para lumaya ay hindi kumokontra sa negosasyon."

Ang Namibia ay mayaman sa mineral, at narito ang pinakamalaking minahan ng uranium sa daigdig na kontrolado ng US.●

*PAGTUTUWID: Ang labas ng Ang Bayan nitong Marso 1983 ay dapat tinukoy na "Taon 15, Bilang 1," at hindi "Taon 14, Bilang 15."*